**Ipinahayag ng Office of Emergency Services (Tanggapan ng mga Serbisyong Pang-emerhensya) ng Gobernador ang “Don’t Get Caught Off Guard" (Huwag Magulat) na Edukasyon sa Maagang Babala sa Lindol at Kampanya sa Pagiging Handa**

SACRAMENTO -- Ipinahayag ngayong araw ng Tanggapan ng mga Serbisyong Pang-emerhensya ng Gobernador sa California (Cal OES) ang paglulunsad ng kampanya para sa pampublikong kaalaman upang bigyang-impormasyon ang lahat ng residente ng California tungkol sa makabagong sistema sa pagbababala sa lindol ng California -- Earthquake Warning California. Idinidirekta ng kampanyang, “Don’t Get Caught Off Guard,” ang mga taga-California sa libreng mga tool, mapagkukunan at impormasyon, kabilang ang pang-smartphone na MyShakeApp,  mga Alerto sa Lindol ng Android, Mga Wireless na Alertong Pang-emerhensya (mga WEA), at ang website ng earthquake.ca.gov.

Batay sa tagumpay ng kauna-unahang pambayang sistema sa pagbababala sa lindol ng California, ang pang-kaalamang kampanyang "Don’t Get Caught Off Guard" ay maghahatid ng mga mensahe sa pamamagitan ng mga pamamaraan ng pagpapatalastas kabilang ang digital, social media, at sa advertising na broadcast, pati na rin ang outreach sa komunidad at mga organisasyon sa industriya upang madagdagan ang kaalaman patungo sa umiiral na teknolohiya. Tatagal ang kampanya hanggang 2022 na may opsyonal na ekstensyon ng isang taon.

“Ipinagmamalaki ng California ang pagkakaroon ng kauna-unahang sistema sa pagbababala sa lindol sa buong bayan, at ngayon naman ang malawakang pagbabalita namin tungkol dito sa makabagong sistema na nakakapagligtas ng buhay," pahayag ng Director ng Cal OES na is Mark Ghilarducci. “Naging posible sa pamumuno ng Cal OES na mapakinabangan ng publiko ang pagsasagawa ng mga babala. Ngayon, ang publiko ay maaari nang magkaroon ng ilang sandali ng pampaunang babala bago ang mga di-inaasahang likas na sakuna gaya noong nakaraan. Binabago nito ang mundo ng pagpapapagaan at pamamahala ng emerhensya.”

Kabilang sa pinagtibay na budget noong nakaraang taon ang $16.3 milyong minsanang Panlahatang Pondo (General Fund) upang tapusin ang gawain ng sistemang Earthquake Warning California batay sa California Integrated Seismic Network (CISN), kabilang ang pagtatapos sa pagtatayo ng seismic station, at pagdaragdag ng mga GPS na estasyon sa network, at pagpapahusay sa telemetry. Ibinibigay ng CISN ang kinakailangang datos para sa paggalaw ng lupa upang matantya ang lakas, lokasyon, at inaasahang pagyanig ng isang lindo, at makapagsagawa ng babalang ShakeAlert. Kasama sa budget ni Gobernador Gavin Newsom ng California para sa taong ito ang karagdagang alokasyon na nagkakahalaga ng $17.3 milyon, na suportado ng minsanang pautang na pareho ang halaga mula sa School Land Bank Fund, para sa ganap na pagpapagana at pagpapanatili ng sistema. Hinihiling ng budget ng Panlahatang Pondo ang paglulunsad

ng kampanya sa pampublikong kaalaman upang paalalahanan ang mga taga-California na mahalaga ang bawat segundo kapag binababalaaan ang mga gumagamit ng mobile device sa lugar bago magsimulang yumanig ang lupa.

Ang multilinggwal at malikhaing paraan ng kampanyang "Don't Get Caught Off Guard" ay gumagamit ng makatotohanang sitwasyon habang naghahatid ng mahalagang mensahe na humihimok sa mga indibidwal at sa mga pamilya nila na magkaroon ng mga nakahandang tools upang maalerto sila sa mismong pagkakataon na matuklasan ng mga sensor sa lupa ang isang lindol. Itinatampok ng advertising na broadcast ang kombinasyon ng nakakatawa, di-inaasahan, at natural na eksena ng mga totoong taong nagulat, at hinihikayat ang mga taong gamitin ang mga mapagkukukunan para sa Earthquake Warning California upang mabigyan sila ng dagdag na oras na maprotektahan ang kani-kanilang mga sarili kapag may lindol.

Halimbawa, itinatanghal ng isang :30 segundong advertising na broadcast ang walang kamuwang-muwang na babaeng nagpapakuha ng litrato sa beach na biglang nabuhusan ng alon ng dagat, isang batang tumutugtog ng piyano na nagpasuray-suray sa beach at nadapa, at isang lalaking nalaglag at tumagos sa kisame sa isang dako ng konstruksyon. Sa isa pang :15 segundong bahagi, ang nayanig na fizzy na inumin ay sumabog sa isang batang lalaki, at ang isang senior ay nagulat noong may naglabasang mga paru-paro mula sa isang greeting card. Ang mga patalastas at iba pang mga digital na asset ay mapapanood sa website ng Earthquake Warning California, earthquake.ca.gov.

Hinihimok ng "Don't Get Caught Off Guard" ang madla na dagdagan ang kanilang nalalaman tungkol sa paghahanda para sa lindol sa pamamagitan ng pagbisita sa website, na may mga tagubilin sa pagda-download ng libreng MyShake app, o upang mapagana ang mga Alerto ng Android o mga WEA sa mga smartphone. Ibinibigay din ng website na ito ang pagkakataong mag-sign-up para sa tuloy-tuloy na balita at impormasyon, lumahok sa mga virtual na pampublikong pagtatanghal, at mag-download ng mga mapagkukunan ng impormasyong na may kinalaman sa industriya.

Ang kampanya ay nagtatampok ng pagpapatalastas sa buong bayan na naghahatid ng mga mensaheng para sa iba't ibang tagasubaybay. Sa mahigit dalawang taon, ang budget ng kampanya ay humigit sa $420,000 para sa etnikong telebisyon (Spanish, Cantonese, Mandarin, at Vietnamese). May mahigit sa $1 milyong nakalaan sa pagpapatalastas sa telebisyon para sa panlahatang merkado. Mga $2.3 milyon ang para sa digital na pagpapatalastas, at kabilang dito ang digital, social at audio na streaming.

Itatalaga din ng kampanya ang mga pangmamamayang pangkat, mga ahensya ng gobyerno, mga tagagawa ng batas, mga mapangkawanggawang institusyon, mga organisasyong panrelihiyon, at mga serbisyong panlipunan para maghatid ng mga mensahe sa mga pamilya, kinatawan, miyembro at mga tagasunod. Ang mga toolkit na

may kinalaman sa industriya at madla ay pwedeng i-download sa website ng Earthquake Warning California.

Kasabay ng pagpapahayag na ito ang Buwan ng Pambansang Paghahanda (Setyembre) na humihimok at nagpapaalala sa mga Amerikano na maging handa para sa mga sakuna o emerhensya sa kani-kanilang mga bahay, negosyo, at komunidad.

“Sa pamamagitan ng malawakang pagmemensahe at naka-target na outreach na ilulunsad sa Setyembre, naniniwala kami na ang mga organisasyon sa lahat ng bahagi ng estado ay magaganahang tumulong sa milyun-milyong residente na isagawa ang mga hakbang sa paghahanda para sa lindol,” ani Ghilarducci. "Ang edukasyon, mga palingkurang-bayan, mga unang tagatugon, pampublikong kaligtasan, transportasyon at iba pa ay makakaganap ng napakahalagang papel sa pagpigil ng mga pinsala at pagpapababa ng panganib ng iba pang mga peligro sa pagdating ng susunod na Big One."

“Sa pamamagitan ng malawakang pagmemensahe at naka-target na outreach na ilulunsad sa Setyembre, naniniwala kami na ang mga organisasyon sa lahat ng bahagi ng estado ay magaganahang tumulong sa milyun-milyong residente na isagawa ang mga hakbang sa paghahanda para sa lindol,” ani Ghilarducci. "Ang edukasyon, mga palingkurang-bayan, mga unang tagatugon, pampublikong kaligtasan, transportasyon at iba pa ay makakaganap ng napakahalagang papel sa pagpigil ng mga pinsala at pagpapababa ng panganib ng iba pang mga peligro sa pagdating ng susunod na Big One."

**Kasaysayan ng Earthquake Warning California**

Noong Oktubre, sa ika-30 anibersaryo ng lindol na Loma Prieta, si Gobernador Newsom ay nagpayahag ng paglulunsad ng kauna-unahang Sistema sa Maagang Pagbababala sa Lindol ng buong bayan, na ngayon ay pinangalanang Earthquake Warning California. Ang Earthquake Warning California ay gumagamit ng CISN, na pagtutulungan sa pagitan ng Cal OES, USGS, UCB, Cal Tech, at CGS. Gumagamit ang system ng mga sensor sa paggalaw ng lupa para matukoy ang mga lindol na nagsisimula na at matantya ang kanilang sukat, lokasyon, at epekto. Kapag ito ay nakatukoy ng makabuluhang lakas, mag-iisyu ang sistema ng USGS Shake Alert, na magbibigay ng babala bago magsimula ang pagyanig. Pinagsama ng Earthquake Warning California ang MyShake App at ang mga Alerto ng Android na gumagamit ng mga tradisyonal na pamamaraan ng paghahatid ng babala gaya ng mga WEA.

Ang MyShake App ay na-download na nang mahigit isang milyong beses mula nang inilunsad ito sa publiko noong 2019. At, kamakailang ibinalita ng Cal OES ang pakikipagtulungan sa Google na nagbibilang sa teknolohiyang Earthquake Warning California bilang isang tampok na isasama sa milyon-milong bagong Android na telepono

at sa pamamagitan ng mga software update sa mga umiiral nang mga Android na telepono na ginagamit sa California.

Ang mga bansang madalas tamaan ng lindol tulad ng Mexico at Japan ay matagal nang may mga sistema sa pagbababala, at ang mga babala ay karaniwang inihahatid sa pamamagitan ng mga cell phone o sistema ng pampublikong pagpapahayag. Subalit, ang California ang kauna-unahan sa U.S. na nag-alok ng pambayang sistema sa pagbababala sa lindol.

Si Gobernador Newsom at ang Kongreso ay nagsagawa ng makabuluhang pamumuhunan upang pondohan ang pagpaplano para sa sakuna at paghahanda - kabilang ang Earthquake Warning California - sa Budget Act ng 2019.

Upang madagdagan ang nalalaman tungkol sa paghahanda para sa lindol, ang MyShake App, mga WEA, mga Alerto sa Lindol ng Android, at ang pinakabagong mga balita sa babala at impormasyon tungkol sa lindol, bisitahin ang: earthquake.ca.gov.

###